ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 17
Setyembre 7, 2019
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Mabibigo ang programang "kontra-insurhensya" ni Duterte

Parang sirang plaka si Rodrigo Duterte sa kanyang paulit-ulit na pagdedeklarang magagapi ng kanyang rehimen ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kamakailan, nagbanta na naman siyang may "mangyayaring malaki" sa harap ng mga kabiguan ng nakapokus at sustenidong mga operasyong militar at saywar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kanayunan.

Sa halip na magapi, itinutulak ng inilunsad nitong todo-gera, sa kumpas ng DSSP Kapayapaan at AFP-PNP Joint Campaign Kapanatagan ang milyun-milyong mamamayan sa landas ng militante at armadong paglaban.

Sa pangkalahatan, walang yunit ng BHB ang nadurog mula nang ibagsak ni Duterte ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng kanyang rehimen at ng National Democratic Front of the Philippines. Niloloko lamang ng AFP ang sarili nito sa pagmamayabang na "naagawan" nito ng teritoryo ang BHB (na katawa-tawa dahil ayon kay Duterte, wala namang sariling teritoryo ang BHB). Alam na alam ng AFP at ni Duterte ang makilos na katangian ng mga yunit gerilya ng BHB at na maaari itong bumase saan man sa malawak na kanayunan.

"Mabibigo...," sundan sa pahina 2

## 14 armas, nasamsam ng BHB-Isabela

LABING-APAT NA ARMAS ang nasamsam ng BHB-Isabela sa inilunsad nitong armadong aksyon noong Hulyo 5 sa Barangay Sindun Bayabo, Ilagan City. Limang pistola ang nakumpiska sa operasyong disarma laban sa Task Force Kalikasan (TFK) sa Sityo Lagis sa naturang barangay. Ang TFK ay nakapailalim sa pamumuno ng Provincial Environment and Natural Resources Office at aktibong sinusuhayan ng lokal na mga pwersa ng pulis at sundalo.

Nanguna sa pagpapalayas at demolisyon sa Sityo Lagis noong Hunyo ang TFK kasapakat ang AFP at PNP. Umabot sa 56 na pamilya ang mahigit tatlong dekada nang nagsasaka dito ang napalayas.

Kasabay nito, nakumpiska ng

"14 armas...," sundan sa pahina 3

"Mabibigo...," mula sa pahina 1

Sa buong bansa, patuloy na nagpupunyagi ang BHB na bigwasan ang mga yunit ng AFP na walang-tigil na nanghahalihaw at naghahasik ng lagim sa mga baryo at komunidad.

Walang duda, mabibigo ang “whole-of-nation approach” ni Duterte, isang programang kopya sa “whole-of-government” at “whole-of-society” ng "kontra-insurhensyang" manwal ng kanyang imperyalistang among Amerikano. Hindi maitatago ng mga palabas na “pakikipagtulungan” ng militar sa mga ahensyang sibil ang pamamayani ng militarismo at pasismo ng kanyang rehimen.

Sa kanayunan, “whole-of-nation” ang tawag ng AFP sa pwersahang pagpapasurender ng mga sibilyan, paghahasik ng takot sa kanilang mga komunidad at pangwawasak sa kanilang kabuhayan. “Whole-of-nation” din ang pamumwersa ng AFP sa mga lokal na gubyerno para ideklarang “persona non grata” ang BHB at ang pagbabawal sa mga “maka-Kaliwang grupo” na lumalaban para sa kanilang mga karapatan. Layunin ng mga maniobrang ito na ipailalim ang mga sibilyang institusyon sa militar, wasakin ang mga demokratikong organisasyon ng mamamayan at palitan ang mga ito ng mga pormasyong magtataguyod ng pasistang doktrina. Sa ngalan ng “whole-of-nation” nagaganap ang lansakang paglabag sa mga karapatang-tao at pagpapailalim ng buu-buong komunidad sa paghaharing militar.

Mabibigo ang kampanyang "kontra-insurhensya" ni Duterte dahil mabuway ang kanyang paghahari. Batbat ang kanyang gubyerno ng malalalim at mararahas na internal na kontradiksyon na dulot ng kanyang kasakiman sa pondo at pagkahayok sa kapangyarihan. Papatindi ang girian sa hanay ng magkalabang sindikatong burukrata at kriminal sa loob ng kanyang gubyerno. Hayagang nagriribalan ang kanyang mga kaalyado para sa mas malalaking alokasyon sa pondo ng bayan (*pork barrel*), kikbak sa mga kontrata ng gubyerno, burukratikong pabor at parte sa kita ng mga sindikato sa loob ng tiwaling mga ahensya tulad ng Bureau of Corrections, Bureau of Customs at Bureau of Internal Revenue. Nag-uunahan din ang kanyang mga alipures sa suhol ng mga kriminal na sindikato sa ismagling at iligal na droga. Isang malaking katatawanan ang kanyang "kampanya kontra-korapsyon" sa harap ng madalas na pagkakabunyag ng malalaking kaso ng katiwalian ng kanyang gubyerno.

Hindi ligtas kahit ang kampanya "kontra-insurhensya" sa tiwaling mga upisyal ni Duterte. Milyun-milyon na ang kinokopong kikbak ng kanyang mga heneral at kanilang mga kasapakat na kontraktor mula sa pagbili ng pinaglumaang mga barko at helikopter, gayundin ng mga armas, bomba at balang ginagamit sa mga operasyong militar. Kinukupitan ng mga heneral ang pondong pang-operasyon ng kanilang mga sundalo. Ibinubulsa nila ang mga sweldo ng kanilang mga elemento, laluna ng mga magsasakang sapilitan nilang nirerekrut sa CAFGU. Pinipiga nila kahit ang pondo para sa pwersahang pagpapasurender ng mga sibilyan at pakitang-taong mga proyekto at serbisyong sosyal. Pinakalaganap ang korapsyong ito sa Mindanao, kung saan pinakamataas ang itinala ng mga brigada at batalyon na “sumurender” na mga Pulang mandirigma.

Pero higit dito, mabibigo ang kontra-rebolusyonaryong pakana ng rehimen dahil kinakaharap nito ang isang partido at hukbong bayan na may mataas na disiplina at malalim na nakaugat sa hanay ng masa. Ang mga ito ang pinakamatatag

"Mabibigo...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 17 | Setyembre 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Mabibigo ang programang "kontra-insurhensya" ni Duterte 1
14 na armas, nasamsam ng BHB-Isabela 1
FMO sa Agusan del Norte, bigo 4
Panghihimasok ng AFP sa mga eskwelahan, tumitindi 5
Multi-trilyong badyet para sa diktadura 6
Korapsyon sa E-CLIP, laganap 7
Paaralang bakwit, nagbukas 7
Konsultant ng NDFP, iligal na inaresto 8
Welga sa Monde Nissin, tagumpay 8
Presyo ng palay, bumagsak sa P7 8
Mga magsasaka ng tabako, ginigipit 9
Mga kriminal, pinalaya ni Duterte 9
Sesesyon, ipinaglaban ng West Papuan 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Mabibigo...," mula sa pahina 2

at pinakakonsolidadong pwersang lumalaban sa kanyang tiraniya at nagtatanggol sa interes ng mamamayan. Tinatamasa ng mga ito ang tiwala at suporta ng sambayanan nang hindi idinadaan sa pamimilit at karahasan.

Mahaba ang karanasan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa pagbigo sa kontra-rebolusyonaryong operasyon ng reaksyunaryong mga rehimen. Hindi lamang nito nalagpasan ang pasistang diktadura ni Ferdinand Marcos sa loob ng 14 taon, naipundar at napalakas nito sa buong bansa ang hukbong bayan. Hindi ito nagapi ng brutal na mga kampanyang panunupil ng sumunod na huwad na mga demokratikong rehimen.

Puspusan ang pagpupursige ng BHB para ipagtanggol ang mamamayan mula sa mga brutalidad ng gerang nakatuon pangunahin sa mga sibilyan. Kasabay nito, patuloy ang kanilang pagpupursige para biguin ang mga kampanyang panunupil ng rehimeng Duterte. Walang lubay ang kanilang suporta sa mga Pulang mandirigma at mga kadre ng Partido.

Sa buong bansa, puspusan ang mga pagsisikap ng mamamayan para ipagtanggol ang kanilang mga demokratikong organisasyon at ang mga tagumpay ng deka-dekada na nilang ipinaglaban. Tuluy-tuloy ang kanilang paglulunsad ng mga pakikibakang agraryo at pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan, kasabay ng pagbubuo ng kanilang mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Sa mga lugar kung saan umiiral na ang mga organong ito at ang gubyernong bayan, pinadadaloy ng mamamayan ang demokrasya sa kanilang hanay para lalupang palawakin at patatagin ang pagkakaisa.

Tulad sa panahon ng diktadurang Marcos, tiyak ang paglakas ng armadong rebolusyon at paglakas ng paglaban ng mamamayan sa tiraniya. AB

"14 armas...," mula sa pahina 1

mga Pulang mandirigma ang isang M14, isang AK47 at pitong pistola mula sa limang pulis nang harangin nila ang isang komboy ng PNP sa itinayo nilang tsekpoynt sa kalapit na lugar. Nasamsam din ng BHB ang mga bala at radyong pangkomunikasyon.

**Samar.** Limang sundalo ng 63rd IB ang napatay sa armadong aksyon ng BHB-Western Samar noong Setyembre 2 sa Sityo Rizal, Barangay Bulao, Basey. Alas-2 ng hapon, muling nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng isa pang yunit ng BHB at isang kolum ng mga sundalo sa Sityo Guinpondoan, Barangay Cogon sa parehong bayan.

Tinutugis noon ng mga sundalo ang mga Pulang mandirigma na nagsagawa ng operasyong haras laban sa 63rd IB.

Noong Agosto 30, dalawang sundalo naman ang napatay habang apat ang nasugatan sa operasyong haras ng mga Pulang mandirigma sa Purok 1, Barangay Mabini, Basey. Bilang ganti, walang pakundangang nang-istraping ang mga sundalo. Tinamaan nila at nasugatan ang isang 14-taong gulang na bata.

Ang 46th IB ang yunit na pumatay sa kapitan ng Barangay Beri noong Abril, sapilitang nagpasurender sa mga magsasaka ng Calbiga at Pinabacdao at nagpahirap sa tatlong magsasaka sa Basey.

**Masbate.** Apat na operasyong haras ang inilunsad ng BHB-Masbate noong Agosto 18 at Agosto 19 laban sa PNP at 2nd IB. Noong Agosto 18, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng mga pulis sa Barangay Bayombon, Masbate City. Sa sunod na araw, isang sundalo ang napatay sa operasyong isnayp ng BHB sa detatsment ng 2nd IB sa Del Carmen, Uson. Sa parehong araw, pinaputukan naman ng BHB ang mga detatsment ng PNP sa Guiwanon, Barangay Danao, San Jacinto at sa San Rafael, San Pascual.

**Negros Occidental.** Inambus ng BHB-North Negros ang tropa ng 79th IB sa Sityo Moreno, Barangay Paitan, Escalante City noong Agosto 31. Tatlong sundalo ang nasugatan. Walang pakundangang nagpaputok ang mga sundalo, kahit sa lugar kung saan matatamaan nila ang kanilang sariling tropa. Tinatayang 10 ang napatay ng AFP sa sarili nitong pwersa.

Sa tabing ng "peace and development," halos isang taon nang inookupa ng 79th IB ang Barangay Paitan at ginagambala ang kabuhayan at buhay ng mamamayan dito. Sapilitan nilang pinasusurender ang mga sibilyan. May naiulat ding mga kaso ng iligal na pang-aaresto at ekstrahudisyal na pamamaslang. Ang laking kumpanyang operasyong kombat at dumaraming presensya ng militar sa mga barangay ng Escalante ang nagtulak sa mga residente na magbakwit. AB



# FMO sa Agusan del Norte, bigo

Pinagtatakpan ng Armed Forces of the Philippines ang katotohanang bigo ang *focused military operation* (FMO) na inilunsad nito sa Mt. Hilong-hilong sa North Eastern Mindanao noong nakaraang buwan para makapanghambog at iwasan ang kahihiyan. Ito ang pahayag ni Ka Sandara Sidlakan, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-North Eastern Mindanao Region, noong Setyembre 4.

Matatagpuan ang Mt. Hilong-hilong sa hangganan ng tatlong prubinsya—Agusan del Norte, Surigao del Sur at Agusan del Sur. Bahagi ito ng kabundukan ng Diwata, at nagtataglay ng maraming klase ng hayop at halaman.


Inilunsad ng 402nd IBde, gamit ang mga batalyon nitong 29th IB at 36th IB, kasama ang mga elemento ng Philippine National Police ng Caraga at CAFGU ang nakapokus na operasyon mula Hulyo 20 hanggang Agosto 15. Ginamit ang naturang operasyon bilang *test mission* ng 11th at 12th Scout Ranger Company. Sa pangkabuuan, nagpakilos ang AFP at PNP ng 1,000 tropa. Katulad sa ibang FMO, mayroon itong suporta ng mga helikopter na pandigma, arteliri at *drone*.


Sinaklaw ng operasyon ang mga bayan ng Sibagat sa Agusan del Sur, Carmen, Cantilan, Madrid at San Miguel sa Surigao del Sur at Remedios T. Romualdez sa Agusan del Norte. Nagpadala rin ng mga tropa sa mga syudad ng Butuan at Cabadbaran sa Agusan del Norte. Ang mga lugar na ito, partikular ang bayan ng Cantilan, ay saklaw ng mapaminsalang operasyon ng mga mina. Isa sa mga kumpanyang rito ang Marcventures Mining Development Corporation na ginawaran ng permisong magmina sa mahigit 4,799 ektaryang kagubatan. Sinaklaw ng mga operasyon nito ang sentral na *watershed* na krusyal sa irigasyon at suplay ng maiinom na tubig ng rehiyon. Dalawang beses nang isinuspinde ang permiso ng kumpanya dulot ng pinsalang dala nito sa kapaligiran.

Ipinagmalaki ng AFP na may nagapi ang kanilang mga tropa na mga "kampo" ng BHB gayong ang mga ito ay lumang taktikal na base o di kaya'y mga sakahan ng mga Lumad. Ang totoo, nagkaroon ng siyam na sagupaan sa pagitan ng mga tropa ng AFP at mga yunit ng BHB mula Hulyo 25 hanggang Agosto 12. Nagresulta ito sa tatlong kumpirmadong patay, kabilang ang isang tinyente ng 29th IB. Kalakhan ng kaswalti sa kanilang hanay ay dulot ng operasyong demolisyon sa kabundukan ng Barangay Mahaba, Cabadbaran City noong Agosto 12. Isang Pulang mandirigma ang napatay sa mga sagupaan.

Bilang ganti, binweltahan ng AFP ang mga sibilyang komunidad ng mga barangay ng Mahaba at Puting Bato sa Cabadbaran City. Nagpakawala ito ng 15 bomba ng kanyon sa loob ng apat na araw. Nambomba rin mula sa ere ang mga helikopter na AugustaWestland. Mga helikoper na Huey naman ang kanilang pinalipad para sa ebakwasyon ng kanilang mga sugatan at paghahatid ng suplay sa kanilang mga tropa.

Bago at pagkatapos ang operasyong militar, tuluy-tuloy ang militarisasyon ng AFP sa 15 barangay sa paligid ng Mt. Hilong-hilong sa tabing ng mga operasyong "community organizing for peace and development" o COPD. Sa ilalim nito, hinahalihaw ng mga sundalo ang mga barangay para sapilitang magpasurender ng mga sibilyan, manggipit at manakot sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapatawag sa mga *barangay hall* kung saan malimit na nakabase ang kanilang mga tropa. Madalas silang nagbabahay-bahay para pwersahin ang mga residente na "sumurender" at makipagkasundo sa kanila. Sa Barangay San Antonio sa RTR, pinatay ng mga pwersa ng 29th IB ang magsasakang si Roger Mandag noong Hulyo 30. Bago nito, paulit-ulit siyang binantaan ng mga sundalo para sumurender.





# Panghihimasok ng AFP sa mga eskwelahan, tumitindi

PINATITINDI NG MGA tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang panghihimasok nito sa mga paaralan at unibersidad sa buong bansa. Ito ay sa kumpas ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict na itinatag sa bisa ng Executive Order No. 70. Nakabalangkas ang mga ito sa kampanyang "kontra-insurhensya" na "whole-of-nation approach" at malaking bahagi ng operasyong saywar (ngayo'y tinawag nang mga "operasyong pang-impormasyon") ng AFP sa buong bansa.

Pinakalayunin nito na wasakin ang mga demokratikong organisasyon ng mga estudyante at ipataw ang pasistang ideolohiya sa mga kampus. Tungo rito, inilulunsad ng mga sundalo (na unipormado at armado) ang kunwa'y mga "youth forum," "information drive," "pagsasanay," "youth leadership summit" sa loob ng mga kampus. Laman ng mga aktibidad na ito ang lantarang paninira sa mga demokratikong organisasyon tulad ng Anakbayan, League of Filipino Students at maging ng mga progresibong partido tulad ng Kabataan Partylist at Bayan Muna. Dito, malisyosong tinatagurian ng AFP ang nasabing mga organisasyon bilang "prente ng komunista" o "simpatisador ng BHB" upang gawing iligal ang mga ito at bigyang katwiran ang marahas na pagsupil sa kanilang mga myembro. Nagpapalabas ang AFP ng mapaniraang mga bidyo at nagpaharap ng bayarang mga "biktima" at pekeng surenderi.

Ilan sa tampok na aktibidad kamakailan ang mga asembliya ng kabataan at estudyante sa Mindanao. Halimbawa nito ang *youth leadership summit* sa Mt. Moriah Camp, Malaybalay at pagbisita sa Bukidnon National School of Home Industries. Katulad na mga asembliya rin ang ginawa ng 8th IB sa Bangcud National Highschool at Malaybalay National Highschool. Pinakamadalas ang mga aktibidad ng AFP sa Bukidnon State University. Sa Agusan del Norte, tinipon ng AFP noong Agosto 31 ang 280 kabataan mula sa tatlong barangay ng Remedios Trinidad Romualdez para sa isang porum kung saan siniraan ng militar ang mga progresibong organisasyon. Nakatakda ding maglunsad ng "leadership development training" ang 402nd IBde sa iba't ibang kinatawan ng Sangguniang Kabataan sa Butuan. Pinatawag din ng 3rd IB ang mahigit 150 kabataan mula sa mga barangay ng Calinan, Davao City.

Nagaganap rin ang katulad na mga pagtitipon sa Luzon at Visayas. Naglunsad ng porum ang 303rd IBde sa University of St. La Salle Integrated School sa Bacolod noong Agosto 23. Pormal na inanunsyo ng AFP ang planong "youth leadership summit" sa mga estudyante ng hayskul sa Negros bilang bahagi umano ng kanilang Community Support Program. Sa Northern Samar, mga tropa ng 803rd IBde ang nag-ikot sa mga paaralan sa kanilang kampanyang "indoktrinasyon." Isa rito ang talakayan sa mga estudyante ng National Service Training Program sa University of Eastern Philippines noong Agosto 31. Hulyo pa lamang, daan-daang kabataan na ang tinipon ng mga tropa ng AFP para dumalo sa kanilang mga asembliya. Nagpapalaganap naman ng paninira at kasinungalingan ang AFP sa pamamagitan ng mga *career guidance seminar* sa mga mag-aaral ng *senior highschool*.



Pangunahing target ng mga operasyong saywar na ito ang mga estudyante at kabataan sa mga prubinsyang pokus ng mga operasyong kombat ng AFP. Ang kalakarang ito ay matagal nang bahagi ng kanilang mga operasyong militar, laluna sa malalayong baryo.

Dagdag sa mga operasyong saywar, naitala ang paniniktik at sarbeylans ng mga elemento ng AFP at PNP sa mga aktibistang mag-aaral ng Polytechnic University of the Philippines at University of Sto. Tomas. Sa Samar, ininteroga ng PNP Regional Mobile Group ang mga kasapi ng The Pillar, publikasyon ng mga mag-aaral sa University of Eastern Philippines. Sa UP Pampanga, nanghimasok din ang mga tropa ng PNP sa kampus matapos inilunsad ng mga estudyante ang kanilang pagkilos kasabay ng UP Day of Walkout and Action. Inireklamo naman ng Rise for Education Alliance sa University of San Carlos-Cebu ang paniniktik ng tropa ng PNP sa kanilang mga aktibidad sa loob ng paaralan. Idineklara naman ng 3rd ID na magdedeploy ang mga ito ng tropa sa West Visayas State University at ilan pang mga pamantasan gaya ng UP Visayas kung saan aktibo umano ang League of Filipino Students at Anakbayan.

# Multi-trilyong badyet para sa diktadura

Badyet para sa kapayapaan at pag-unlad—ganito inilarawan ng rehimeng US-Duterte ang panukalang P4.1 trilyong panukalang pambansang badyet para sa 2020. Ngunit malayo ito sa katotohanan. Ang multi-trilyong badyet ng reaksyunaryong gubyerno ay nakalaan para sa pangungurakot, pagpondo sa anti-mamamayang mga programa at proyekto, at pagpapaigting ng pasismo.

Ang P4.1 trilyong panukalang badyet para sa 2020 ay mas mataas nang 12% kumpara sa P3.662 trilyong badyet ngayong 2019. Nakabatay ang paglaki ng badyet ng gubyerno sa taya na 6.5 hanggang 7.5% paglago ng lokal na produksyon o *gross domestic product* (GDP) sa 2020, isang target na malabong maabot dahil sa pagkitid ng iba't ibang sektor ng ekonomya, partikular ang agrikultura at manupaktura. Sa katunayan, sa ikalawang kwarto ng 2019, kumitid ang GDP nang 5.5%, pinakamabagal sa nagdaang 17 kwarto.

Tutustusan pangunahin ng malilikom na buwis ang panukalang badyet. Tinataya ng rehimeng Duterte na lalaki tungong P3.54 trilyon ang kikitain mula sa buwis, kabilang ang malilikom mula sa pagpapatupad ng batas na TRAIN, at iba pang sinisingil ng estado. Mas malaki ito nang 12.3% sa tayang P3.15 trilyong kita ng gubyerno ngayong 2019. Gayunman, kukulangin ito ng P677 bilyon at para matustusan ang depisit, kakailanganin ng rehimen na todo-todo pang mangutang.

Sa kabuuan, nakatakdang mangutang nang aabot sa P1.4 trilyon ang gubyerno sa 2020. Sa pagtatapos ng 2019, aabot na sa P7.853 trilyon ang kabuuang utang nito. Pagsapit ng 2020, lolobo pa ito tungong P8.767 trilyon. Mangangahulugan ito ng pagtaas ng utang ng bawat Pilipino mula P72,518 sa 2019 tungong P79,780 sa 2020.

### *Pork barrel* ng pangulo at kanyang mga alipures

Batbat ng anomalya ang panukalang badyet para sa 2020. Sa P4.1 trilyon, P2.36 trilyon lamang ang nakalaan sa mga ahensya at departamento. Ang natitirang P1.73 trilyon ay nakalaan sa "Special Purpose Funds," mga buu-buong halaga na malaon nang binansagang "presidential pork barrel" dahil ang pangulo ang personal na makakapagsabi kung paano at saan ito gagamitin. Sa gayon, sa bawat P10 gagastusin ng gubyerno sa 2020, mahigit P4 ang maituturing na personal na pondo ni Duterte.

Lantaran din ang pagpwesto ng mga proyektong karaniwang pinanggagalingan ng kikbak ng mga mambabatas. Bahagi nito ang P972.5 bilyong pondo nakalaan para sa engrandeng "Build, Build, Build," mga proyektong pang-imprastrukturang pinaghati-hatian na ng kanyang pinapaborang mga burukrata at kumprador-burges.

Bahagi rin nito ang nakalaan para sa iba pang proyektong matagal nang ginagawang palabigasan ng mga pulitiko, katulad ng paglalatag ng kalsada at kunwa'y pagkukumpuni ng mga sirang bahagi ng mga ito. Isang halimbawa nito ang target ng gubyerno na magpagawa ng may kabuuang 338.3 kilometrong bagong kalsada, na kasinghaba ng distansya mula Maynila hanggang Naga City. Isa pang kaduda-dudang proyekto ang P16.9-bilyong pondo para sa "preventive maintenance" o pagtitiyak na hindi masisira ang umaabot sa 955 kilometrong kalsada (katumbas ng distansya mula Baguio City hanggang Hong Kong.) Ang sinasabing "preventive maintenance" ay paraan lamang ng mga tiwaling upisyal na tibagin ang maaayos pang kalsada para muling ilatag at mapagkunan ng pondong pangurakot.

Isa pang kalimitang palabigasan ang pondo para sa proyektong pang-irigasyon. Umaabot sa P36.3 bilyon ang pondo para sa mga pambansa at komunal na proyektong irigasyon, habang P2.2 bilyon naman ang para sa maliliit na proyektong irigasyon. Marami sa mga proyektong ito ay hindi totoong itinatayo, at kalimitan ay ibinubulsa lamang ng mga kongresista at lokal na upisyal ang pondo. May malalaking pondo ring nakalaan para sa pagpapatayo ng pambansang sistemang pang-irigasyon, kahit pa ang ilan sa mga ito ay matagal nang tinututulan ng mamamayan. Halimbawa nito ang P919-milyong Jalaur River Multipurpose Project Stage II, ang P890-milyong Balog-balog Multipurpose Project sa Isabela, ang P800-milyong Lower Agno River Irrigation System Extension Project sa Pangasinan, at ang P500-milyong Malitubog-Maridagao Irrigation Project Phase II sa North Cotabato.

Bahagi rin ng 2020 badyet ang pagpapatuloy ng pagpapatayo sa Chico River Pump Irrigation Project, na mariing nilalabanan ng mga katutubo roon. Malaking bahagi ng pondo ay uutangin sa China.

### Pondo para sa pasismo

Bukod sa pangungurakot, pinalobo rin ng rehimeng Duterte ang badyet para sa pagpapaigting ng pasismo nito.

Lalo pang lumaki ang pondo ng



Philippine National Police mula sa P173.5 bilyon ngayong 2019 tungong P184.9 bilyon sa 2020. Kabilang sa pondong ito ang P3 bilyon para sa pagrekrut ng 10,000 bagong pulis at P14.4 bilyon para magdagdag ng 26,685 upisyal na pulis.

May nakalaan ding dagdag na P546 milyon para sa pagpapatupad ng kinamumuhiang "gera kontra-droga," at P1.4 bilyon pa sa ibang mga ahensya gaya ng Department of Health at Department of Interior and Local Government, para sa kabuuang P1.9 bilyon para sa Oplan Tokhang.

Nakatakda ring lumaki ang pondo para sa Department of National Defense, mula P183.9 bilyon ngayong 2019 tungong P189 bilyon sa 2020. May P25 bilyon din para sa pangalawang serye ng pagbili ng mga gamit-militar sa ilalim ng Revised AFP Modernization Plan. Kabilang sa nakatakdang bilhin ng AFP ang dagdag na mga segunda-manong barko, sistemang *radar* at paniktik, pang-atakeng mga helikopter at eroplano at marami pang gamit para sa programang "kontra-insurhensya."

May hiwalay pang P522 milyon na nakalaan para sa "National Task Force to End Local Communist Armed Conflict," na nakalagak sa iba't ibang ahensya. Ang pondong ito ay para patindihin pa ang panunupil at intimidasyon sa mga sibilyang komunidad, gamit ang "whole-of-nation approach" ng mga sundalo at pulis.

May mga proyekto ring naglalayong palawakin ang kakayahang maniktik ng reaksyunaryong gubyerno. Kabilang dito ang P20 milyon para sa Project D.I.M.E. (Digital Imaging for Monitoring and Evaluation) na nakalaan sa pagbili ng mga *drone*, *light detection and ranging* (LIDAR), at iba pang kagamitan para umano sa pagmonitor ng mga proyektong itinatayo sa kanayunan, pero sa totoo ay para sa pagpapaigting ng pagmanman at paniniktik sa mga liblib na lugar.

Bukod sa mga proyektong ito, lumobo rin ang pondo para sa *confidential and intelligence funds*, partikular sa Office of the President (OP). Sa 2020, may kabuuang P4.5 bilyon para sa *confidential and intelligence funds* sa ilalim ng OP. Sa kabuuan, may P8.28 bilyong nakalaang pondo para sa *confidential and intelligence expenses* sa iba't ibang mga ahensya. Dito nanggagaling ang pondo para sa iba't ibang "black operation" ng gubyerno, gaya ng pagmantine ng mga "death squad," at paglunsad ng iba't iba pang karumal-dumal na pag-atake sa mamamayan. AB

# Korapsyon sa E-CLIP, laganap

SA NORTH EASTERN MINDANAO Region (NEMR), iniulat ni Maria Malaya na umaabot sa P60,000 ang naibubulsa ng bawat upisyal ng AFP sa kanilang mga palabas ng pekeng pagpapasurender. Sa ulat ng ilang mga barangay at komunidad sa rehiyon, pinangangakuan ang mga napipilitang sumuko nang P65,000 bawat isa.

Ang totoo, mayorya sa kanila ay walang natatanggap. Pinakamalaki na ang P5,000 na natatanggap ng iilan sa kanila. May mga kaso pang ginagamit ang P5,000 bilang paunang bayad sa pautang na motorsiklo. Kalaunan ay inoobliga ang mga "sumurender" na bayaran nang buo ang balanseng P65,000. Doble-doble ang kikbak ng mga upisyal ng AFP dito, bukod sa nakukurakot mula sa badyet ng E-CLIP, tumatayo rin silang mga ahente ng mga kumpanya ng motorsiklo. Ang ibang pinasurender ay pinilit na magsanay para maging elemento ng CAFGU sa pangakong tatanggap sila ng malaking sweldo. Pero ang totoo, wala silang natatanggap na pondo at sinuswelduhan lamang sila ng ilang kilong bigas at ilang pirasong nodols at lata ng sardinas.

Sa datos na nakuha ng NDF-NEMR, hindi bababa sa P5.8 milyon ang naibulsa ng mga upisyal ng AFP sa E-CLIP sa rehiyon. Aabot naman sa P480 milyon ang kanilang nakurakot sa 8,000 "sumurender na myembro ng BHB" sa buong Mindanao.

Malinaw sa mamamayan sa rehiyon na walang ibang naidulot ang E-CLIP kundi higit pang pagpapatindi ng kahirapan ng mamamayan. Ginagamit lamang itong gatasan ng mga korap na upisyal ng AFP. Malaon nang pinasinungalingan ng BHB sa rehiyon ang pagpapakalat ng pekeng pagsurender ng berdugong AFP. Paulit-ulit lamang nito na ginagamit at iniuulat na "sumurender" ang kanilang mga *asset* sa barangay, mga dating kasapi ng BHB na matagal nang nagpahinga o kaya naman ay mga sibilyan na napilitang sumurender sa takot na kasuhan o patayin ng militar. AB

### Paaralang Bakwit, nagbukas sa Quezon City at Davao

NAGBUKAS NOONG Setyembre 2 sa University of the Philippines-Diliman sa Quezon City ang Bakwit School (Paaralang Bakwit) para sa kasalukuyang taon. Nasa 50 mag-aaral na Lumad, kanilang mga guro at lider ang dumalo sa aktibidad.

Samantala, 155 mag-aaral ang dumalo sa pagbubukas ng Bakwit School sa UCCP Haran sa Davao City. Ayon sa administrasyon ng Salugpongan, nagpasya silang ibukas ang mga Bakwit School dahil hindi binawi ng DepEd ang ipinataw na suspensyon sa kanilang mga paaralan.

Kasabay nito, nagpiket ang mga lider ng mga komunidad ng Lumad at mag-aaral mula sa Save Our Schools Network sa harap ng House of Representatives habang isinasagawa ang pagdinig sa badyet para sa Department of Education noong Setyembre 3. AB

# Konsultant ng NDFP, iligal na inaresto

ILIGAL NA INARESTO noong Agosto 23 ng pinagsanib na mga elemento ng Philippine National Police at Armed Forces of the Philippines si Esterlita Suaybaguio, 60, sa Cubao, Quezon City. Si Suaybaguio ay konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa GRP. Inaresto siya base sa itinanim na ebidensyang baril at pasabog, katulad sa kaso ng iba pang konsultant ng NDFP. Sinampahan din siya ng gawa-gawang mga kasong pagpatay at bigong pagpatay.

Iginiit ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang agarang pagpapalaya kay Suaybaguio dahil protektado siya ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na pirmado ng gubyerno ng Pilipinas at ng NDFP. Nasa pagkakakilanlan sa Document of Identification ni Suaybaguio ang kanyang katayuan bilang konsultant para sa mga usapin sa Mindanao.

Kinundena ni Fidel Agcaoili, punong negosyador ng NDFP, ang pag-aresto. Aniya, isa na naman itong balakid sa posibilidad na matuloy ang negosasyon. Giit ng PKP at NDFP na ibasura ang lahat ng gawa-gawang kasong isinampa kay Suaybaguio, gayundin sa iba pang detenidong konsultant at istap ng NDFP.

Samantala, walang tigil ang pananalasa ng mga armadong pwersa ng rehimeng Duterte at ng kasapakat nitong mga panginoong maylupa sa kanayunan.

Patuloy na inookupa ng mga sundalo ng 2nd IB ang 23 barangay sa mga bayan ng Cawayan at San Fernando, Masbate mula pa Mayo 23. Nitong unang linggo ng Setyembre, iniulat ng BHB-Masbate na pinasok na rin ng mga pasista ang apat na barangay sa Uson. Sa mga baryong ito, laganap ang mga paglabag ng 2nd IB sa karapatang-tao. Pinamumunuan ni Lt. Col. Fabon ang berdugong batalyon na ito.

Sa Bulacan, patuloy na ginigipit ng Royal Mollucan Realty Holdings Inc. ang mga magsasaka sa Sityo Compra, Barangay San Mateo sa Norzagaray. Inaagaw ng naturang kumpanya ang 75.5 ektaryang sakahan na mula dekada 1960 pa binubungkal ng mga magbubukid. Noong Setyembre 2, sinira at sapilitang pinasok ng mga maton ang bahay ng myembro ng Samahang Magbubukid sa San Mateo. Pinagpuputol ng mga ito ang mga kawad ng kuryente sa lugar, ninakaw ang mga alagang kambing at pinagsisira ang mga pananim.

# Welga sa Monde Nissin, tagumpay

TAGUMPAY ANG IKALAWANG welga ng mga manggagawa ng Monde Nissin noong Agosto 27 matapos magkasundo ang Monde Nissin Labor Association-LIGA (MNLA-LIGA) at maneydsment kaugnay sa isyu ng pagtatanggal sa 176 manggagawa. Kabilang sa napagkasunduan ay pagbabayad ng maneydsment nang di bababa P100,000 na *separation pay* sa bawat sinisanteng kontraktwal na manggagawa.

Una nang nagwelga ang MNLA noong Agosto 6 kung saan sumang-ayon ang maneydsment na gawing regular ang mga kontraktwal. Pero sa halip na sumunod sa usapan, tuso nitong sinisante ang naturang mga manggagawa.

Ayon sa MNLA-LIGA, ang pagtanggap ng mga sinisante ng *separation pay* ay hindi nangangahulugan na ititigil na nila ang kanilang paglaban para sa regularisasyon.

Sa Araw ng mga Bayani noong Agosto 16, kasama ang mga manggagawa ng Monde-Nissin sa pagkilos laban sa mababang sahod, kontraktwalisasyon at pandarahas.

Dumalo rin sa protesta ang mga manggagawa mula sa NutriAsia at Peerless Products Manufacturing Corporation. AB

## Presyo ng palay, bumagsak sa P7

SUMADSAD TUNGO SA pinakamababang halaga na P7/kilo ang presyo ng lokal na palay noong Agosto mula sa pinakamataas na P22-24/kilo noong nakaraang taon. Ito ay matapos bahain ang merkado ng relatibong mas murang bigas mula sa labas ng bansa. Dahil dito, bumagsak ng 1.27% ang produksyong agrikultural sa pangalawang kwarto ng taon, pinakamababa sa nakaraang tatlong taon. Batid ng lahat, laluna ng mga magsasaka, na dulot ito ng batas sa liberalisasyon sa pag-aangkat ng bigas na pinirmahan ni Rodrigo Duterte noong nakaraang taon.

Noon pa man, minaliit na ng mga magsasaka ang inilaang subsidyo na P10 bilyon para sa tinatayang malulugi sa kanilang sektor. Ayon sa Bantay Bigas, hindi ito sasapat sa 2.7 milyong magsasaka na maapektuhan lalupa't 10% lamang nito ang direktang mapupunta sa mga magsasaka sa anyo pa ng pautang. Dati nang baon sa utang ang mga magsasaka dulot ng matataas na gastos ng produksyon, gayundin ng upa sa lupa. Imbes na gamitin para pantawid ng maliliit na magsasaka, gugugulin ang kalahati ng naturang subsidyo (P5 bilyon) sa pagbili ng makinaryang pansaka.

Kasabay nito, unti-unti na ring namamatay ang lokal na industriya ng gilingan ng bigas. Ayon sa Philippine Confederation of Grains Association, umaabot na sa 4,000 gilingan (40% ng pangkabuaang bilang ng gilingan sa bansa) ang nagsara dulot ng pagkalugi sa harap ng pagdagsa ng mas murang bigas mula sa ibang bansa. Sa isang talakayan sa Kongreso noong Agosto 28, nanawagan ang Makabayan Bloc, kaisa ng mga magsasaka at opereytor ng gilingan, na ibasura na ang batas ng liberalisasyon na pumapatay sa produksyon ng bigas. AB

# Mga magsasaka ng tabako, ginigipit

Kinundena ng Solidarity of Peasants Against Exploitation (Stop Exploitation) ang pagbabansag sa kanila ni Lt. Col. Charles Castillo ng 81st IB bilang ligal na prente ng PKP-BHB. Ginawa ito ni Castillo matapos ang dayalogo ng grupo ng mga magsasaka at ng militar sa upisina ni Gov. Ryan Singson sa kapitolyo ng Ilocos Sur noong Agosto 8.

Ipinaglalaban ng Stop Exploitation ang direktang pamamahagi sa kanila ng 15% ng *excise tax* sa tabako na isinabatas noon pang 1992 (RA 7171) at 1996 (RA 8240). Nakalaan umano ito para iangat ang kakayahan sa produksyon at kalagayang pang-ekonomya ng mga magsasaka. Sa taong 2016 lamang, nagkahalaga ang pondong ito ng P15.8 bilyon (15% ng P105.4 bilyon). Ngunit ayon sa grupo, mumo lamang ang nakakarating sa kanila. Mula nang isabatas ito, mayroon lamang iilan na nakatanggap ng P15,000, o masahol pa, ay isang sakong abono.

Giit ng mga magsasaka ang subsidyo at insentibo sa produksyon at mga programang kongkretong tumutugon sa mataas na gastusin sa produksyon at mababang kita. Dagdag rito ang suporta para sa pagtatanim ng palay na karaniwang kabuhayan ng mga magsasaka matapos ang anihan ng tabako.

Ayon naman sa pananaliksik ng National Democratic Front-Ilocos, ang pondo noong 2016 ay makapaglalatag na ng sistema ng irigasyon sa mahigit 26,800 ektarya sa rehiyon ng Ilocos, at makapagbabahagi rin ng mga traktora at iba pang kagamitang pansaka. Ang 38% nito ay sapat na para bigyang-subsidyo ang isang buong anihan at magkaroon ng tig-isang ektaryang lupang masasaka ang may 37,000 magsasaka. Mayroon pang matitira na maaaring ilaan sa kalusugan at edukasyon ng mga pamilya ng magsasaka.

Gayunpaman, umaabot sa 85% ng pondo ay napupunta lamang sa mga imprastrukturang hindi direktang pinakikinabangan ng mga magsasaka at matagal nang ginagawang palabigasan ng lokal na mga pulitiko at *warlord* sa rehiyon. Noong 2001, nalantad ang pagkurakot ng P224 milyon ng dinastiyang Singson ng Ilocos Sur. May pananagutan din si Sen. Imee Marcos sa pagdambong niya ng P213 milyon mula sa pondo nang siya'y gubernador pa ng Ilocos Norte noong 2011 at 2013.

Nakikihati rin sa pagbulsa sa buwis ang mga sindikatong rehimen na nakaupo sa Malacañang. Noong 2001, isa sa ikinaso kay dating pangulo at "hueteng lord" na si Joseph Estrada ay ang paghingi kay dating Gov. Luis Singson ng P130 milyon mula sa pondo. Samantala, sa ngalan ng "proteksyon sa kalusugan ng publiko," tinaasan naman ni Rodrigo Duterte noong Hulyo 25 ang ipinapataw na *excise tax* sa tabako. Noong Enero, pumalo sa P20.5 bilyon buwis mula sa tabako ang pumasok sa kaban ng bayan.

Maging ang nakabababang mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno ay may kani-kanyang bahagi sa pangungulimbat. Mula 2016-2018, wala pa ring ulat ang di bababa sa apat na lokal na pamahalaan sa rehiyon ng Ilocos kung saan napunta ang inilaan sa kanilang mahigit tig-P1 bilyon. Mahigit P41 bilyon buwis ang nalikom ng gubyerno sa panahong nabanggit.

Kaugnay nito, hinihingi rin ng Stop Exploitation ang pagtataas ng presyo ng tabako tungong P128 kada kilo, nang walang klasipikasyon. Taliwas ito sa umiiral na napakabarat na pagbili mula P28-P82 at madayang paggrado ng mga mangangalakal at malalaking kumpanya sa inaaning Virginia, Burley at Native na klase ng tabako. Kasabwat sa ganitong pagsasamantala ang National Tobacco Administration. AB

## Mga kriminal, pinalaya ng rehimeng Duterte

MAHIGIT 1,700 kriminal na nahatulan sa karumal-dumal na mga krimen ang pinalaya ng rehimeng Duterte sa ilalim ng Good Conduct Time Allowance (GCTA).

Isinasaad sa batas ng GCTA na maaaring makalaya nang mas maaga ang mga bilanggo, kahit yaong hinatulan ng habambuhay na pagkakabilanggo, kapag magpakita ang mga ito ng maayos na ugali.

Nalantad ang iskemang ito nang bumuhos ang galit ng mamamayan, laluna ng mga kaanak ng biktima, sa balitang palalayain si Antonio Sanchez, dating meyor ng Calauan, Laguna. Hinatulang nagkasala si Sanchez ng panggagahasa at pagpaslang kay Eileen Sarmenta at kaibigan niyang si Alan Gomez at pagpatay sa mag-amang Nelson at Rickson Peñalosa.

Higit pang ikinagalit ng mamamayan ang direktang pag-endorso ng alipures ni Duterte na si Sal Panelo sa pagpapalaya kay Sanchez sa Bureau of Pardons and Parole. Kabilang si Panelo sa mga abugado ng pamilyang Sanchez sa kanyang kasong panggagahasa at pagpaslang.

Upang isalba ang kanyang rehimen, sinibak ni Duterte ang komisyuner ng Bureau of Corrections (BuCor) na si Nicanor Faeldon. Una nang nasibak si Faeldon sa Bureau of Customs dulot ng ismagling ng shabu.

Mayorya ng pinalaya sa ilalim ng rehimeng Duterte ay mga manggagahasa at mamamatay-tao. Liban kay Sanchez, pinalaya rin nito ang apat sa pitong sangkot sa panggagahasa at pagpatay sa magkapatid na Chiong sa Cebu noong 1997.

Ang batas na GCTA ay naipasa sa ilalim ng rehimeng Benigno Aquino III noong 2013. AB

# Paglaban ng mga West Papuan para sa pambansang paglaya

Libu-libong mamamayan ng West Papua ang tuluy-tuloy na naglunsad ng demonstrasyon mula pa Agosto 17. Unang ikinasa ng mga Papuan ang mga rali kasabay ng pambansang araw ng kalayaan ng Indonesia para manawagan ng pambansang paglaya at sesesyon (paghihiwalay sa Indonesia bilang bansa).

Imbis na tugunan ang kanilang panawagan, nagdeploy ang gubyerno ng Indonesia ng dagdag na 1,200 sundalo at pulis sa lalawigan para marahas na supilin ang mga pagkilos. Noong Setyembre 3, di bababa sa dalawang estudyanteng Papuan ang namatay sa pang-aatake ng mga paramilitar sa kanilang eskwelahan. Anim naman ang namatay, kabilang ang isang bata, habang mahigit dosena ang nasugatan, nang paulanan ng bala at tirgas ng mga tropang Indonesian ang mga raliyista sa Deiya noong Agosto 28. Ang panibagong bugso ng mga pang-aatakeng ito ay bahagi ng nagpapatuloy na kampanyang henosidyo ng estadong Indonesian laban sa mga Papuan.

### Kasaysayan ng dayuhang panghihimasok

Ang West Papua (dating Netherlands New Guinea) ay dating bahagi ng Dutch East Indies (ngayo'y Indonesia) na kinolonya ng The Netherlands mula 1880. Nang kilalanin ng Dutch ang independensya ng Indonesia noong 1949, hindi nito binitiwan ang West Papua para tiyakin ang ekonomikong interes nito sa rehiyon.

Pero noong dekada 1960, ipinakana ng dating pangulo ng US na si John F. Kennedy ang pagpapailalim ng West Papua sa kontrol ng Indonesia bilang pabor sa naghaharing uri rito. Noong 1969, inilunsad ang huwad na reperendum kung saan pinapili ang mga Papuans kung nais nilang mapailalim sa republika ng Indonesia. Pumili ang mga sundalong Indonesian ng 1,025 Papuan na pinalahok sa reperendum at sapilitang pinaboto para sa integrasyon.

Tiniyak ng integrasyon ang malayang pagpasok at pandarambong ng mga lokal at multinasyunal na kumpanyang mina at plantasyon sa mga rekurso ng West Papua. Kabilang sa mga ito ang Freeport ng US at Rio Tinto ng Australia, mga kumpanyang notoryus sa paninira ng kalikasan. Nangunguna naman ang mga kumpanyang Japanese sa pagkakalbo ng mga kagubatan sa isla, gayundin sa paghuthot ng natural na gas (kasama ang US). Samantala, kinamkam ng malalaking kumprador at kapitalistang Indonesian ang malalawak na lupa ng mga Papuan at nilatagan ng mga plantasyon.

### Deka-dekada nang paglaban

Mula simula, malinaw na ang hangarin ng mga West Papuan para sa pagpapasya-sa-sarili at pambansang paglaya. Noong 1965, nabuo ang Free Papua Movement, ang armadong grupo ng New Guinea Raad, ang gubyerno ng mamamayan ng West Papua na itinayo noong 1961. Noong 2015, kinilala sa Melanesian Spearhead Group, isang organisasyon ng mga bansang matatagpuan sa subrehiyon ng Oceania, ang koalisyon ng mga grupong Papuan na nagbuklod sa ilalim ng United Liberation Movement of West Papua.

Upang supilin ang paglaban ng mga Papuan, tuluy-tuloy na ipinapailalim ang prubinsya sa di deklaradong batas militar. Ito ang pinakamilitarisadong lalawigan sa bansa at kasalukuyang pinapakatan ng mahigit 45,000 pwersang panseguridad ng Indonesia. Kabilang sa itinambak dito ang Konstrand Commandos na sinanay, inarmasan at pinopondohan ng US at Australia.

Nagreresulta ang matinding militarisasyon sa henosidyo at malawakang pagpapalayas sa mga Papuan. Mula 1969, mahigit 100,000 Papuan na ang pinaslang habang puu-puong libo naman ang naging biktima ng iba pang mga paglabag sa karapatang-tao.

Sa harap ng tumitinding panghihimasok ng mga dayuhan sa kanilang ansestral na lupain at pagsupil sa mga karapatan, patuloy na isinusulong ng West Papua National Liberation Army ang gerilyang pakikidigma ng mga Papuan para sa pambansang pagpapalaya. AB

